**KANTAMBAYAN *(Isang Medley)***
**Adaptasyon ni Vim Nadera**
**Interpretasyon ni Paul V. Pena**

**SITSIRITSIT, ALIBANGBANG**
Sitsiritsit, Alibangbang,
Salaginto, Salagubang:
Ang babaeng nasa Cubao
Wala pang mens kung ibugaw.

Santo Niñong aming patron
Meron akong isusumbong.
Bunso ko pong sampung taon
Ay sa solvent nalululong.

Mama, mamang may M-16
Puede po bang inyong dakpin
Ang salarin po sa amin
Mukha ninyo ang salamin?

Ale, aleng nagtutulak,
Hihintayin mo bang uwak
Ay pumuting parang tawas?
Wala po ba kayong anak?

**MERON, MERONG LINTA**
Meron, merong linta
Dala ng Kastila,
Pagkahaba-haba,
Pagkataba-taba.

Nang sulta'y makagat,
Siya ay nanganak,
Nagpalipat-lipat,
Nagpakalat-kalat.

Umabot sa isip
Kanyang paninipsip.
Kaya kahit paslit
Natutong sumipsip.

Hindi na napansin
Pangit niyang pangil.
Sa tagal ng talim
May nasarapan din.

Gumising ka, Juan,
Mata mo ay buksan.
Baka mo magisnang
Buto't balat na lang.

Di ka saranggola
Pero lilipad ka
Kung malaya ka na
Sa pagkolonisa!

**BAHAY-KATUTUBO**
Bahay-katutubo
Kahit na muntik na
Itong mapasubo
Sa nangreremata.

Si Amang, si Inang,
Si Kuya, si Ate
Ay nagmamahalan
Kahit na pulubi.

Kahit na malayo
Na sa Cordillera.
Basta kami buo
Pagdilim sa Edsa.

Ilalim ng tulay
Ang langit sa gabi.
Pero naging hukay
Nang tinugis kami.

Nagkalayo-layo
Ang aming pamilya.
Nangagsipagtago
Kaming parang puga.

Isa sa San Juan,
Isa sa Makati,
Isa sa Montalban,
At ako ang huli.

Sa U.N., nalugso
Ang pagkadonselyang
Sa akin ay ginto.
At saka nagbunga.

Ako ay nanganay
Nang walang katabi
Nang wala ring tatay
Ang mahal kong beybi.

**ANG SABI NG ILAN**
Ang sabi ng ilan
Masarap sa diyaryo
Ang sabi ko naman
Kumporme sa diyaryo

May broadsheet na diyaryo
May tabloid na diyaryo
Ang gusto kong diyaryo
Di pornograpiko!

Ang sabi ng ilan
Masarap sa radyo
Ang sabi ko naman
Kumporme sa radyo.

May AM na radyo
May FM na radyo
Ang gusto kong radyo
Walang payolado!

Ang sabi ng ilan
Masarap sa TV
Ang sabi ko naman
Kumporme sa TV.

May regular TV
May reality TV
Ang gusto kong TV
Hindi bayolente!

Ang sabi ng ilan
Masarap sa media
Ang sabi ko naman
Kumporme sa media.

May pro-Right na media
May pro-Left na media
Ang gusto kong media
Pro-Truth na talaga!